# SPEECH OF

# PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

# DURING HIS VISIT TO MARAWI CITY

[Delivered in Marawi City | 17 October 2017]

Salamat po. Thank you for the courtesy.

Secretary Delfin Lorenzana; Secretary Esperon; Secretary Del Rosario; Secretary Dabs Mamao, the Presidential Adviser for OFW; Secretary Martin Andanar; Governor Hataman; Assemblyman Zia Alonto Adiong; Mayor Majul Usman Gandamra; Usec. Tabaquero; General Año; Police Director General Ronald dela Rosa; Lieutenant General Rolando Bautista; Lieutenant General Carlito Galvez; Major General Pamonag; mga kasamahan ko sa gobyerno; mga mahal kong kababayan.

You know, denial lang talaga ang Pilipino maybe because they've been bombarded with so many things in our lifetime na walang naniwala o maniwala man but they deny the real picture on the ground.

There is a rebellion going on. I'm sorry… *[Commander could you give the tikas pahinga order?]*

Ayaw lang talaga maniwala na lalo na itong mga kalaban kasi pinapalaki nila ang gulo hoping that they would someday take over the country.

Look at the left, it's a losing proposition. Ang kanilang mga heneral, matatanda na, puro na may sakit ang yet they continue to fight.

Ang ginagamit nila mga sundalong NPA na karamihan naman diyan mga lumad at walang kamuwang-muwang, except their promises of money and 'yung extortion activities nila.

That is why we cannot proceed really ang ating bayan, for a full blast economic prosperity kasi doon sa labas, susunog 'yung mga truck. Tapos sisirain 'yung mga equipment, kukunin 'yung mga baril ng mga security guards, and then, leave one and two dead.

You know, silipin ninyong mabuti ha. Kayong mga legal fronts, nagpa-legal-legal, Karapatan. Galing ako diyan sa inyo eh. Itong Mayo Uno. Lahat kayo mga mga Tindig Pilipino, itong Piston. You are really the legal cover of the Communist Party of the Philippines.

Alam ninyo, ngayon sa countryside, you are into ambush mga karamihan ngayon pulis ang namamatay. At alam ko na kasabwat ninyo and even during conferences, you have the gall, ‘yung si Mateo sa Piston, gagamit ng red star.

Well, anyway. Hindi naman ngayon panahon na we have rebuild the law. Kung member ka noon ng Communist Party, arestado ka and it is a crime to be a member.

But we have tolerated it, pinagbigyan because freedom of expression. Okay lang ‘yan sa amin. And then once in a while mag-strike kayo putting everybody in a very uncomfortable situation.

But you are as a matter of fact, really rebels. Kaya dito rin sa Marawi, lahat ‘yung mga tao nag-recruit and all the things that would give assistance and aid to the rebels are really considered rebels.

May nabasa akong isang ano --- inciting to sedition. Tinawagan ko. Sinabi ko, “Hoy, ang kaso niyan rebellion.” Because there is a conspiracy. And also kasali nitong sa left, itong nagko-conspire sila lahat, ang mga legal fronts.

Itong ‘yung malakas mag --- Mamaya, tingnan mo bukas ratatat na ‘yan. Kami, ganun, ganun. Hindi kami… hina-harass. ‘Yan ang palusot nila.

Kayong mga Piston, you know that you are poisoning the people. 2030, one-third ng Pilipino puro mahirap ‘yan mamamatay ng lung cancer.

Kasi ayaw ninyong ayusin ‘yung mga makina ninyo na nagamit na tapos pina-overhaul ulit. Bago na naman.

Those are really machines that [inaudible] out fume. Makita mo puro usok na lang. Ang mga pasahero, ang mga kapwa natin Pilipino na pobre na walang kotse. Walang aircon ayan higop nang higop ‘yan.

And yet kayong mga Piston, kayo pa ang matatapang. Pwes, ganito na lang ang gawain ko, either you must modernize next year, ‘yang inyong mga jeep, ipagbili na ninyo sa bakalan.

Next year, I do not want to see any single PUJ. ‘Pag meron diyan, huli ka. ‘Wag kayong lumaban kasi ako’y nagsasabi lang nang totoo at ano ang totoo pati ano ang batas.

Kayo, kung sa inyo ‘yan palusot ninyo, kahirapan, sinasakyan kayo ng Mayo Uno, sinasakyan kayo ng Piston, sinasakyan kayo ng Bayan, alam namin magkaisa kayo sa NPA.

You are one great conspiracy. All of you are really committing rebellion right now. Wala ‘yung sabi na destabilization, paalis ako. Wala ‘yan. Alam mo  bakit? Ke mamatay ako ngayon o bukas, mahulog ako sa eroplano, itong mga ‘to, nandito, hindi ito papayag.

Kung sinong nakaupo diyan, hindi talaga ibibigay sa inyo ‘yung komunistang gobyerno. Prangkahan ko na lang kayo. Magpatayan, magpatayan, papatayin talaga kayo.

Maniwala kayo. Hindi ito basta nagsakripisyo para sa buhay nila, ibigay lang nila sa mga komunista. ‘Yan ang totoo diyan. Ano tingin ninyo sa mga sundalo, g***? Magpakamatay kami dito. Ilang…?

Marami akong pulis, Coast Guard, Army, namatay dito, Navy, Air Force. Ibibigay lang nila ang gobyerno nila dito sa mga left? Gusto ninyong…?

Kayo? Hindi kayo… Ang nakikinig ngayon. Simultaneous to eh. Kayo, tingnan ninyo ang gobyerno ng komunista. Anong ginagawa? Strike, panggulo. Ang yayabang magsalita. Kung sino ‘yang silang p*****...

Kayo ‘yung magnanakaw nung panahon ng isang gobyerno, kayo pa ang may mukha na sasabihin na kami diyan ang… Mag-iisang taon ako, wala akong pinirmahan diyan ni isang…

Wala akong pinipirmahan ni allowance, ni meal allowance. Ang pinipirmahan ko sweldo ko lang. Eh sabi ko nga sa kanila eh, “Tanggalin ninyo ako sa pwesto ko.”

Pwede man niyo tingnan ‘yang mga intelligence. Sila payagan ko. Pero sabihin, maghingi kayo ng mga waiver-waiver?

‘Yung waiver ko noon pa ‘yun before the elections. Sabi ko, “’Pag ako ‘yung sinungaling, tingnan ko, ‘di patayin ninyo ako.”

Pero kayo sumobra. Sumosobra ang Pilipino is choking sa…

Ang gobyerno may program, pinapahiram kayo ng pera. Ayan, bayaran ninyo dahan-dahan lang. Kung hindi niyo kaya ng monthly installment, ‘di piso kada araw.

But change your machines, equipment because they are killing the people diyan sa carbon dioxide na ‘yan.

‘Yang sa jeep na para mahina ang traffic, higop lahat ng Pilipino ‘yan. Ang problema nito pag nagkasakit, wala masyadong pera. Wala ‘yan. Patay, patay.

‘Pag sinabi, “Bata, o ma’am, ang cancer mo second, third stage.” Wala ng pangbayad ng ospital ‘yan.

Tapos ayaw ninyong magbago. Gusto talaga ninyong patayin ang Pilipino. O ngayon, sige, patigasan tayo. Gusto ninyo patigasan?

You do it now. Implement now because next year, ‘pag may makita ako diyan, hihilain kita. Bahala na tayo mag-away ng korte. Bahala na tayo magkagulo dito sa Pilipinas. Gawain ko kung ano ‘yung tama, ano ‘yung kailangan para sa tao.

Now, dito sa Marawi, ang masakit sa akin, ganito. Okay man ‘yang ano…

First of all, I apologize to the Maranao people pati ‘yung brod ko, si Dabs.

Hindi namin ito ginusto. Ikaw, nasa Cabinet ka eh. Alam mo ang istorya. Sino bang may gustong sumira sa bahay mo dito, Dabs? Magkapareho tayo. Alam mo man ‘yan.

Ayaw namin makipag-away ng kapwa Pilipino. But the fact is inunahan ninyo ang gobyerno. Naglagay kayo ng reserba dito. ‘Di ko malaman ‘yung mga opisyal ninyo kung alam nila o hindi.

Basta ang problema nalaman ko na lang na mabigat kasi umabot ng apat na buwan halos ang away.

Inyong sabihin na ilang taon ‘yang tunnel na ‘yan. Wala man lang nakasabi sa amin na, “Bantay kayo diyan kay may iniipon.”

So it’s really a question--- hindi kayo lahat. Ang tanong ko dito, Dabs, is bakit hindi ito dumating sa iyo pati sa akin? Saan nagkulang ang gobyerno? Intelligence?

‘Pag isa, dalawa pumasok dito noon Marawi,  taga-rito ako, alam ko. ‘Pag pasok mo dito, military. Hindi ka makalabas. Mag-intel-intel ka diyan, kung mahalata ka, hindi ka na makalabas. ‘Yan ang totoo diyan.

So ‘yan ang paghinakit ko. Hindi namin ito gusto. Ginusto ‘to ng mga Maranao, ng mga Maute, at sinakyan ng ISIS. Hindi amin ‘to. Hindi ‘to sa gobyerno. Tandaan ninyo.

Bagama’t ganun lang, kay nasira na rin, babalik kami dito mga civilian. ‘Wag ho ninyong galawin because they will rebuild Marawi.

Unahin ko ‘yung mga pamilya nang mahihirap. ‘Yung mga Maranao nagkaroon ng pera at ‘yung mga opisyal na nagkaroon ng pera sa shabu, kung saan ninyo itinago ‘yan, ilabas ninyo. ‘Yun ang gawain ninyo.

Ipaayos ninyo ‘yung sarili ninyong building. Hindi ako tutulong kung lalo nasa listahan ka ng drug addicts.

Mas mabuti pa tuloy umalis ka na dito. Ang pangako ko kay Allah, hindi na ito mauulit. I will never, never, never again papayag ako na mag-ipon ng armas tapos gawain ng…

Hindi na mangyayari ‘yan. Government must have access to all. Maglagay ako ng kampo.

Either we live together in peace, makisama kayo sa Pilipino o giyera tayo. Walang problema, marami akong sundalo. Marami kaming bala.

‘Yan ang gusto ninyo, eh ‘di sige. Pero there will be some teams, they’ll be headed by General del Rosario. Dati itong na-assign sa Davao, sa Task Force Davao. Kilala ko siya. Siya ang sinabi ko na bahala na siya.

Ngayon, inabot na man tayo ng ulan. Okay na sana ‘yun. Ito na lang deklarasyon. *[Tumabi na muna, ‘wag kayong pabasa diyan. Tapos na ‘yun.]*

Ang declaration ko of liberation of Marawi.

Ladies and gentlemen, I hereby declare Marawi City liberated from the terrorist influence that marks the beginning of rehabilitation for the people. *[applause]*

‘Wag na natin itong ulitin kailanman. Sa panahon ko, hindi ako papayag. Government must have access dito sa loob.

When it started, ’yung mga komunista pati ang [inaudible]. Tapusin na lang natin.

Mga minahal kong sundalo, pulis, ang problema ko ang nasugatan ngayon. Marami ‘yan. ‘Yung iba nabaldado.

I can guarantee you. Sinasabi ko na sa inyo ngayon, walang iwanan. Ipupwesto ko silang lahat. *[applause]*

Hindi mawawalan ng hanap-buhay. Hindi ‘yan magugutom. Meron akong proposal na binigay noong --- sa Change of Command.

‘Yun may pera kayo noon. Gawain lang ninyo. ‘Pag wala lang corruption, buhay na buhay kayong lahat at masagana.

‘Yan nalang ang iiwan ko bilang isang tao kagaya ninyo dumaan dito sa mundong ito.

Maraming salamat at maligaya kaming mga Pilipino sa inyo. Mabuhay! Mabuhay! Mabuhay ang Armed Forces pati police! Matatapang, lalo na sa babae. *[laughter]*

**---END---**